

# Filipino sa Piling Larang Teknikal-Bokasyunal



**Filipino sa Piling Larang- Teknikal-Bokasyunal  
Alternative Delivery Mode**

**Ikalawang Markahan – Ikatlong Linggo: Dokumentasyon sa Paggawa ng Isang Bagay  
o Produkto**

**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Filipino sa Piling Larang: Teknikal Bokasyunal**

|                      |   |
|----------------------|---|
| <b>Manunulat:</b>    | Heidilynn M. Alauig   |
| <b>Editor:</b>       | Tommy R. Rico   |
| <b>Tagasuri:</b>     | Sheila C. Molina, Jovanny L. Cornelia, Amaflor C. Alde  |
| <b>Tagaguhit:</b>    | Ferdinand B. Jara   |
| <b>Tagalapat:</b>    | Allan G. Salom  |
| <b>Tagapamahala:</b> | Wilfredo E. Cabral, PhD<br>Jennifer F. Vivas, PhD<br>Dennis M. Mendoza<br>Jocelyn M. Alinab, PhD<br>Tommy R. Rico |

**Inilimbag sa Pilipinas ng SDO-Caloocan**

**Department of Education – National Capital Region (DepEd NCR)**

Office Address: Misamis St., Bgao Bantay, Quezon City, Philippines

Telefax: (632) 8929-0153

E-mail Address: [depedncr@deped.gov.ph](mailto:depedncr@deped.gov.ph)

# Filipino sa Piling Larang-Teknikal Bokasyunal

## Ikalawang Markahan – Ikatlong Linggo Dokumentasyon sa Paggawa ng Isang Bagay o Produkto

Ang kagamitang pampagtuturo na ito ay kolaboratibong binuo at sinuri ng mga lupon ng mga edukador sa pampublikong paaralan. Hinihikayat na ang mga guro mag-aaral, at mga magulang na magbigay ng puna at rekomendasyon sa Kagawaran ng Edukasyon sa [action@deped.gov.ph](mailto:action@deped.gov.ph).

Lubos po naming pahahalagahan ang inyong puna at rekomendasyon.

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino sa Piling Larang: Teknikal-Bokasyunal- SHS ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Dokumentasyon sa Paggawa ng Isang Bagay o Produkto.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



## ***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Filipino sa Piling Larang: Teknikal- Bokasyunal- SHS ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Dokumentasyon sa Paggawa ng Isang Bagay o Produkto.

Ang kamay ay madalas gamiting simbolo ng kakayahan, aksyon at layunin. Sa pamamagitan ng ating mga kamay tayo ay maaaring matuto, lumikha, at magsakatuparan ng gawain. Ang kamay sa tulong-aral na ito ay sumisimbolo na ikaw, bilang isang mag-aaral, ay may angking kakayahang matutuhan ang mga kaugnay na kompetensi at kasanayan. Ang iyong pang-akademikong tagumpay ay nakasalalay sa iyong sarili o sa iyong mga kamay.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.



**Alamin**

Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul.



**Subukin**

Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul.



**Balikan**

Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon.



**Tuklasin**

Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon.



**Suriin**

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.



**Pagyamanin**

Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.



### **Isaisip**

Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.



### **Isagawa**

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.



### **Tayahin**

Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.



### **Karagdagang Gawain**

Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.



### **Susi sa Pagwawasto**

Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

### **Sanggunian**

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong sa iyong mga magulang, sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!



## **Alamin**

Ang modyul na ito ay dinisenyo at sinulat na makakatulong sa lubos na pagkatuto. Makakatulong ito upang mabatid ang kaligirang kaalaman sa teknikal na mga sulatin. Ang saklaw ng modyul na ito ay angkop sa iba't ibang pamamaraang pampagkatuto. Ang mga aralin ay nilapatan ng angkop na talasalitaan na magagamit sa pag-unawa sa nilalaman ng bawat teksto. Ang mga aralin ay nakadisenyo batay sa sistematikong balangkas ng kurso.

Ang modyul ay may isang aralin:

- Aralin 3- Dokumentasyon sa Paggawa ng Bagay o Produkto

Pagkatapos ng modyul, inaasahan ang bawat mag-aaral na:

Naipaliliwanag sa paraang sistematiko at malinaw ang piniling anyo sa pamamagitan ng paggamit ng angkop na termino **(CS\_FTV11/12PS-0j-i-93)**

1. Natutukoy ang nilalaman, katangian, at mga dapat tandaan sa pagbuo ng dokumentasyon sa paggawa ng isang bagay o produkto;
2. Naisasaayos ang mga paraan sa paggawa ng isang bagay at natutukoy ang larawang kaugnay ng mga hakbang sa paggawa ng isang bagay;
3. Nakapagsasaliksik hinggil sa halimbawa ng dokumentasyon sa paggawa ng isang bagay o produkto na ginagamit sa isang espesipikong trabaho; at
4. Nakabubuo ng dokumentasyon sa paggawa ng isang bagay o produkto na ginagamit sa isang espesipikong trabaho



## Subukin

**Basahin ang mga tanong at ilagay ang letra ng tamang sagot sa nakalaang patlang.**

- \_\_\_\_\_ 1. Alin sa mga sumusunod ang naglalaman ng dokumentasyon sa paggawa ng isang bagay o produkto?
- A. Leaflets at Flyers  
B. Feasibility Studies  
C. Menu ng Pagkain  
D. Manwal ng *Do-it-Yourself*
- \_\_\_\_\_ 2. Ano ang dapat ilagay sa dokumentasyon upang makapagdagdag ng kalinawan sa ipinapakitang paraan ng paggawa?
- A. larawan  
B. *tagline* ng produkto  
C. katangian ng bagay  
D. espesipikong kagamitan
- \_\_\_\_\_ 3. Anong antas ng wika ang ginagamit sa pagsusulat ng dokumentasyon sa paggawa ng isang bagay o produkto?
- A. Balbal  
B. Pormal  
C. Kolokyal  
D. Impormal
- \_\_\_\_\_ 4. Alin sa mga salita ang HINDI tumutukoy sa paraan ng pagkakasulat ng mga hakbang sa paggawa ng isang bagay o produkto?
- A. tiyak  
B. payak  
C. malinaw  
D. komprehensibo
- \_\_\_\_\_ 5. Ano ang angkop na salita na bubuo sa pangungusap, “Mahalaga ang \_\_\_\_\_ na ayos ng mga hakbang na nakasaad sa dokumentasyon sa paggawa ng isang bagay o produkto”?
- A. kronolohikal  
B. teknikal  
C. konseptuwal  
D. lohikal
- \_\_\_\_\_ 6. Alin sa mga pahayag sa ibaba ang hindi kabilang sa katangiang dapat taglayin ng isang dokumentasyon sa paggawa ng isang bagay o produkto?
- A. may larawang pantulong  
B. may ipinapakitang proseso o hakbang  
C. nakalagay ang eksaktong kagamitan o kailangan  
D. nagpapakita ng totoong senaryo bunga ng maingat na pananaliksik
- \_\_\_\_\_ 7. Bakit kinakailangang detalyado ang pagkakalahad ng bawat hakbang sa paggawa ng dokumentasyon sa paggawa ng isang bagay o produkto?
- A. upang maging malinaw sa mga mambabasa  
B. mas mailalarawan nang maayos ang ginagawa  
C. mapapadali ang pagkuha ng mahahalagang impormasyon  
D. matutukoy agad ang pinakamadaling hakbang hanggang sa pinakamahirap



- \_\_\_\_\_ 8. Alin sa mga pangungusap ang tumutukoy sa kahalagahan ng mga materyales na nagtuturo kung paano magawa ang isang bagay?
- upang higit na masuri ang isang produkto
  - nakatutulong ito sa pagkilatis sa isang bagay
  - mapapadali ang pagkatuto sa paggawa ng isang bagay
  - masisiguro ang pagtangkilik ng mga mamimili sa produkto
- \_\_\_\_\_ 9. Alin sa mga pangungusap ang HINDI tumutukoy na malaking tulong ng dokumentasyon sa paggawa ng isang bagay?
- Nagkakaroon ng bagong kaalaman ang tao.
  - Nakikinita ang kahihinatnan ng isang negosyo o gawain.
  - Higit na magiging madali ang pagsunod sa hakbang na nakasaad.
  - Nagsisilbing gabay sa sinumang nais gumawa ng isang bagay o produkto.
- \_\_\_\_\_ 10. Alin sa mga pahayag ang HINDI sinunod ng dokumentasyon sa paggawa ng “ube cheese pandesal”: Sa paggawa nito, kailangan mo ng maraming ube, kaunting harina, medyo maraming gatas, at katamtamang sukat ng keso?
- masasarap at masustansya ang mga rekado
  - madaling hanapin at bilhin ang mga sangkap
  - detalyado ang pagkakarawan ng mga kailangan
  - nakalagay dapat ang eksaktong kagamitan o kailangan

**Para sa bilang 11-15, sagutin ang tanong tungkol sa Paggawa ng Parol.**

#### **Ang Paggawa ng Parol**

Mga Kailangan:

- 10 *strips* ng *balsa wood* (*bamboo* o *matte board*), 1/4 pulgada ang lapad at 10 pulgada ang haba
- 5 *strips* ng *balsa wood*, 1/4 pulgada ang lapad at 3 ½ pulgada ang haba
- *tissue paper*, *glue*, *string*

Hakbang sa Paggawa ng Parol:


**(Hindi ito nakaayos nang kronolohikal.)**

- Talian lahat ng *joints* at *points*. Gawin ang pagtatali sa pangalawang star. Balutan ang dalawang dulo ng maliit na kahoy hanggang maging matibay ito. Talian ang dulo pero mag-iwan ng mga 3 pulgada ng *string*.
- Gumawa ng *star* gamit ang 5 pirasong *balsa wood* o *bamboo strips* na 10 pulgada ang haba.
- Ilagay ang mga maliliit na kahoy sa pagitan ng dalawang star. Talian ang dulo ng maliit na strip hanggang joints sa pamamagitan ng paggamit sa 3 pulgada na *string* (mula sa pangatlong hakbang).
- Dikitan ng mga papel ang hugis ng *star*. Gamitin ang inyong imahinasyon at *creativity* para matapos mabalot ang hugis nito. Lagyan ng pabitin sa ibabang hugis. Ibitin ito sa bintana o sa anumang lugar na puwedeng mapaglagyan nito.
- Markahan ang mga gilid para makita ang mga gilid ng bawat sulok.
- Tapusin ang pagkakagawa ng hugis ng *star*. Kailangang dikit ang dalawang *star* na may namamagitan na maliliit na kahoy sa gitna ng mga ito. Gumamit ng *string* kung kinakailangan.
- Pagdikitin ang dalawang *star* at talian ang bawat dulo ng mga ito para hindi

kumalas.

- \_\_\_\_\_ 11. Anong katangian ng isang dokumentasyon ang nasunod sa paglalahad ng mga kailangan sa paggawa ng parol?
- A. Mura lang ang mga materyales.
  - B. Nakalagay ang espesipikong kagamitan.
  - C. Madaling hanapin ang mga kakailanganin.
  - D. Maaring makuha lang sa bahay ang mga bagay na kailangan.

- \_\_\_\_\_ 12. Alin sa mga larawan ang angkop gamitin sa hakbang na nasa bilang 3?



- \_\_\_\_\_ 13. Alin ang unang hakbang sa paggawa ng parol?
- A. Hakbang sa blg. 2
  - B. Hakbang sa blg. 4
  - C. Hakbang sa blg. 5
  - D. Hakbang sa blg. 6

- \_\_\_\_\_ 14. Alin ang panghuling hakbang sa paggawa ng parol?
- A. Hakbang sa blg. 4
  - B. Hakbang sa blg. 3
  - C. Hakbang sa blg. 2
  - D. Hakbang sa blg. 1

- \_\_\_\_\_ 15. Ano ang tamang kronolohikal pagkakasunod-sunod ng mga hakbang sa paggawa ng parol?
- A. 2-5-1-7-3-6-4
  - B. 5-1-3-2-7-6-4
  - C. 6-4-7-3-5-2-1
  - D. 3-5-7-6-4-1-2

## Aralin

# 3

## Dokumentasyon sa Paggawa ng Isang Bagay o Produkto

Ang pag-aaral ng dokumentasyon sa paggawa ng isang bagay o produkto ay may malaking kapakinabangan sa iyong karanasan maging sa labas ng akademya. Hindi nga ba mahilig ka ring sumubok na gumawa ng iba't ibang bagay o produkto? At malaking tulong ang mga dokumentasyon upang madaling magagawa ng mga ito. Mas madaling matutuhan ang iba't ibang bagay kung may mga materyales na nagtuturo kung paano ito magagawa. Dito pumapasok ang kahalagahan ng dokumentasyon sa paggawa ng isang bagay o produkto. Ngunit paano nga ba ang pagsusulat ng isang dokumentasyon sa paggawa ng isang bagay o produkto? Ano-ano ang mga dapat isaalang-alang upang maging epektibo ang gagawing dokumentasyon. Ilan lamang ito sa mga matutuhan mo sa araling ating tatalakayin.



### **Balikan**

Suriing mabuti ang mga pahayag. Sa nakalaang patlang bago ang bilang, isulat ang:

**A**-kung ang unang pahayag ay tama at mali ang ikalawa;

**B** -kung ang ikalawang pahayag ay tama at mali ang una;

**C**- kung parehong tama ang pahayag; at

**D**- kung parehong mali ang pahayag.

\_\_\_ 1. A. Ang *Feasibility Study* ay ginagamit upang masuri kung ang negosyo ay maaari bang isagawa bago paglaanan ng kapital.

B. Ang isang mahusay na *Feasibility Study* ay nagpapakita ng totoong senaryo bunga ng maingat na pag-aaral at pananaliksik.

\_\_\_ 2. A. Sa pagtatayo ng negosyo, mahalagang malaman kung angkop ang negosyong napili sa lokasyong napili.

B. Maaaring simulan na ng negosyante ang negosyo kahit hindi pa naisasagawa ang *Feasibility Study*.

- \_\_\_\_\_ 3. A. Sa bahaging Pagtutuos at Paglalaan ng Pondo, aalamin ang lugar na nais maging lokasyon ng negosyong itatayo.
- B. Sa Rekomendasyon, maaaring gumamit ng *flow chart* bilang representasyon.
- \_\_\_\_\_ 4. A. Sa Deskripsiyon ng Negosyo, itinatala ang mga layunin at proseso upang makamit ang layunin.
- B. Sa Deskripsiyon ng Produkto, inilalarawan ang produkto o serbisyong nakapaloob sa negosyong itatayo.
- \_\_\_\_\_ 5. A. Sa bahaging “Mga Mapagkukunan”, kikilalanin ang mga mapagkukuhanan ng produkto, kagamitan, tulong teknikal at ahensya na maaaring pagkuhanan ng empleyado na kakailanganin sa negosyo.
- B. Inilalagay sa bahaging “Estratehiya sa Pagbebenta” ang mungkahing pamamaraan upang makapanghikayat ng mga tatangkilik sa produkto o serbisyo.



## **Tuklasin**

Basahin at unawaing mabuti ang mga hakbang sa paggawa ng herbal na sabon. Isaayos ang mga ito ayon sa wastong pagkakasunod-sunod. Ilagay ang letra sa katumbas na bilang ng hakbang.

Hakbang 1: \_\_\_\_\_

Hakbang 7: \_\_\_\_\_

Hakbang 2: \_\_\_\_\_

Hakbang 8: \_\_\_\_\_

Hakbang 3: \_\_\_\_\_

Hakbang 9: \_\_\_\_\_

Hakbang 4: \_\_\_\_\_

Hakbang 10: \_\_\_\_\_

Hakbang 5: \_\_\_\_\_

Hakbang 11: \_\_\_\_\_

Hakbang 6: \_\_\_\_\_

A

Pagkatapos ihalo ang lye-water solution, maglagay na ng napiling essential oil para mas mabango ang sabon.



G

Panghuli, maaari mo nang gamitin ang sabon na iyong ginawa.



B

Hayaang tumigas ang sabon sa loob ng isang araw. Takpan ng malinis na pantakip o karton.



H

Kung handa ang mga gamit pamproteksyon, magtimbang ng 473 g ng lye, 3 lb ng distilled water, 4 lb ng olive oil, 2 1/2 lb coconut oil, at 1 1/2 lb palm oil.



C

Kapag malamig na ang lye, isalang na ang coconut oil, palm oil, at olive oil sa kalan na may mahinang apoy at painitin.



I

Pangalawa, siguraduhin na magsuot ng long sleeves, gloves at safety goggles kapag gagamit ng lye o caustic soda.



D

Palamigin ang pinaghalong lye at tubig sa 80 degrees Fahrenheit na temperatura.



J

Una, ihanda ang mga materyales na kailangan sa paggawa ng sabon. (olive oil, palm oil, distilled water, lye, essential oil, coconut oil).




E

Pagkatapos magsukat ng mga materyales, ihalo ang lye sa tubig. Mas mainaw kung gagawin sa labas at mag-iingat dahil ang singaw ng lye ay nakasusunog ng balat.




K

Kapag naihalo na ang napiling essential oil, maari mo nang ilagay ito sa hulmahan.



F

Sunod na ihalo ang lye-solution water. Haluin nang mabuti.





## ***Suriin***

Likas sa atin ang kagustuhang matuto ng iba't ibang bagay. Hindi tayo nauubusan ng oras kung nais nating tuklasin o pag-aralan ang isang bagay kaya naman malaking tulong ang mga materyales, babasahin man o bidyo, na nagtuturo kung paano ito magagawa. Sa araling ito, matutuhan mo ang dokumentasyon sa paggawa ng isang bagay o produkto na makatutulong sa pagbuo o pagsasagawa ng isang bagay o produkto. Ito ay kalimitang naglalaman ng mga hakbang kung paano binubuo o ginagawa ang isang bagay o produkto. Malaking tulong na nakaayos nang kronolohikal o pagkakasunod-sunod ng bawat hakbang upang mas maging madali, maayos at wasto ang kalalabasan ng produktong gagawin.

Narito ang karaniwang nilalaman at katangiang dapat taglayin ng isang dokumentasyon sa paggawa ng isang bagay o produkto:

1. Mga kailanganin sa paggawa ng isang bagay o produkto.
2. Mga hakbang sa paggawa ng isang bagay o produkto.
3. Detalyado ang pagkakalahad ng bawat hakbang upang maging malinaw ito sa mga mambabasa.
4. Kalimitang payak at direkta ang pagkakabuo ng mga pangungusap na nagsasaad ng mga hakbang upang hindi magdulot ng kalituhan sa mga babasa.
5. Maaaring magtaglay ng mga ilustrasyon o larawan ang dokumentasyon na nagdadagdag kalinawan sa ipinapakitang paraan ng paggawa.


Pag-aralan mo ang isang halimbawa ng dokumentasyon sa paggawa ng face mask.

# MGA MATERIALES


MAAARING GUMAMIT NG MGA MATERIALES NA NAHAHANAP SA BAHAY.



## LINING



Gumamit ng water-absorbent na tela.



Ang tela ay dapat presko.




MGA HALIMBAWA:


- Tela ng t-shirt
- Microfiber
- Jersey knit
- Kitchen towel



## OUTER LAYER



Gumamit ng water-repellant na tela.



Dapat ang tela ay may high thread count. Upang matignan: itapat ang tela sa ilaw. Ang mga sinulid o hibla ay dapat na halos magkakadikit sa isa't isa.



MGA HALIMBAWA:

- Pundang unan
- Kobre kama
- Dress shirt
- Woven Polycotton

# MGA MATERIALES

MAAARING GUMAMIT NG MGA MATERIALES NA NAHAHANAP SA BAHAY.



## EAR BANDS




Gumamit ng bias-tape, o cotton ribbon na may lapad na kalahati hanggang isang pulgada.




O gamitin ang tela ng outer layer.


## MGA KAGAMITANG PANAHI



MAKINANG PANAHI



BASIC SEWING KIT



GUNTING PANG-TELA



RULER AT LAPIS

# PAUNANG GAWAIN

## PAGHAHANDA NG MGA MATERYALES



Labhan ang mga tela gamit ang maali-gangam na tubig, at ligtas na sabon-paniaba.



Patuyuin at plantsahin ang mga tela. Dapat na malinis din ang iyong mga kamay.



Gamit ang basahan na may alkohol, linisin ang iyong mesa at makinang panahi.



Linisin din ang iyong gunting at medida.

## PAG-IINGAT PARA SA IYONG SARILI



Kung mahaba ang iyong buhok, itali ito nang pa-ponytail.



Gawing kaugalian ang tamang hand hygiene, at huwag hawakan ang iyong mukha.




Magsuot ng face mask habang nagtatahi. Kung wala, magsuot ng no-sew mask.




Huwag gupitin ang sinulid gamit ang inyong ngipin.

# PAGGUPIT NG TELA


## BASE SA SUKAT NG KARANIWANG MEDICAL MASK




**OUTER LAYER:**  
Gumupit ng parihabang 9 x 7 na pulgada.



**LINING:**  
Gumupit ng parihabang 9 x 4 na pulgada. Gumawa ng dalawang piraso.



**EAR BANDS:**  
Gumupit ng bias tape o ribbon na may habang 10 na pulgada. Gumawa ng dalawang piraso.



**EAR BANDS:**  
Kapag tela ang gamit, gumupit ng parihabang 10 x 1.5 na pulgada. Gumawa ng dalawang piraso.

## PASADYA




**OUTER LAYER:**  
Gamit ang medida, sukatin galing sa gilid ng iyong pisngi hanggang sa kabilang gilid. (a)



**OUTER LAYER:**  
Pagkatapos, sukatin galing sa iyong balingusan hanggang sa iyong baba. (b)




**OUTER LAYER:**  
Gumuhit ng parihabang (a) x (b) na pulgada.



**OUTER LAYER:**  
Magdagdag ng kalahating pulgada sa bawat gilid. Gumupit ng isang piraso.



# PAGTAHI NG MASK




1  
Tiklupin ng dalawang beses ang itaas ng lining.




2  
Tahiin ang tiklop.




3  
Ilapag ang lining sa outer layer. Ang kanilang right side ang magkadikit.




4  
Itahi ang mga ito na may kalahating pulgadang allowance.




5  
Ulitin ang Step 1-4 para sa pangalawang piraso ng lining.



6  
Tiklupin ang mga lining sa pinagtahian nang sa gayon ay magkapatong ito sa outer layer. Ang kanilang wrong side na ang magkadikit.




7  
*Opsyonal:* Plantsahin ang mga seam lines.



8  
Gaya ng medical face mask, gumawa ng tatlong pleats na pahiga. I-pin ang mga pleats sa kinalalagyan nito.




9  
Ang na-pleat na tela ay dapat apat na pulgada ang lapad.




10  
*Opsyonal:* Platsahin ang mga pleats.




11  
Tahiin ang dalawang gilid. 1/4 na pulgada ang allowance




12  
Ganito ang itsura ng likod ng mask. Mayroon itong bulsa para sa iyong disposable filter.




13  
Tiklupin at itahi ang kalahating seam allowance sa makabilaang gilid ng ear band.



14  
Kapag ang gamit ay bias tape o ribbon, ipitin ito sa isang gilid ng mask. I-pin ito.



15  
Tahiin ang bias tape o ribbon mula sa isang gilid papunta sa kabilang gilid.



16  
Ulitin ang Step 13-15 para sa pangalawang ear band.




-mula sa <https://web.facebook.com/UPCTID>

Sa tulong ng ibinigay na halimbawa, umaasa akong alam mo na kung ano ang nilalaman at kung paano gawin ang isang dokumentasyon sa paggawa ng isang bagay o produkto. Narito pa ang mga dapat tandaan sa pagsulat na makatutulong sa pagbuo mo ng iyong output sa araling ito:

1. Ang dokumentasyon sa paggawa ng isang bagay o produkto ay nagtataglay ng mga kakailanganin, hakbang o proseso ng paggawa ng isang bagay. Isinusulat ito upang maging gabay sa kung paano gagawin o bubuoin ang isang bagay o produkto.
2. Nakalagay ang ispesipikong gamit na kinakailangan.
3. Mahalagang panatilihin ang kronolohiya ng mga hakbang sa paggawa ng isang bagay upang makapaghatid ng wastong impormasyon sa mga mambabasa.
4. Maaari ring maglakip ng mga larawan upang higit na makita ang biswal na anyo ng produktong ginagawa.
5. Upang hindi magkamali sa paggawa ng isang bagay, napakahalaga ng pagsunod sa mga hakbang na nasa dokumentasyon.
6. Pormal ang paggamit ng wika sa pagsulat ng dokumentasyon sa paggawa ng isang bagay o produkto at inaasahang payak, malinaw, at tiyak ang

pagkakasulat ng mga hakbang upang maging madali ang pag-unawa ng mga mambabasa.



## ***Pagyamanin***

### **Gawain 1 Pagsagot sa mga Tanong**

#### **Sagutan nang mahusay ang mga sumusunod na tanong.**

1. Saan ka madalas nakakakita o nakababasa ng mga sulating may kinalaman sa paggawa ng isang bagay o produkto?

---

---

2. Ano ang kalimitang nilalaman ng isang dokumentasyon sa paggawa ng isang bagay o produkto?

---

---

3. Bakit kinakailangang kronolohikal ang ayos ng mga hakbang kapag gumagawa ng dokumentasyon sa paggawa ng isang bagay o produkto?

---

---

4. Bakit pormal ang wikang gagamitin sa pagsusulat ng dokumentasyon ng isang bagay o produkto?

---

---

5. Bakit kinakailangang magkaroon ng akses ang mga tao sa mga materyales na nagtuturo kung paano magawa ang isang bagay?

---

---

## Gawain 2 Kompletuhin Mo!

Maliban sa *face mask*, isa pa sa mga dapat isuot ngayon ng mga tao lalo na kapag nasa pampubliko o mataong lugar ang *face shield*. Sagutin ang mga gawain upang mabuo ang dokumentasyon sa paggawa ng *face shield*.

- A. Suriin ang palaisipan at hanapin ang mga salitang kabilang sa mga materyales sa paggawa ng *face shield*.

|   |   |   |   |   |   |   |   |   |   |   |   |   |   |   |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| N | L | U | E | T | A | T | E | C | A | I | Q | O | L | I |
| A | D | B | M | Z | B | S | P | V | M | U | W | M | X | E |
| E | S | P | O | N | G | H | A | F | P | X | Y | J | K | O |
| J | C | B | V | C | Z | M | T | E | S | N | A | L | V | J |
| G | A | R | T | E | R | S | D | Y | P | Q | I | P | A | M |
| J | E | G | J | D | G | A | E | S | J | R | W | Q | O | H |
| C | H | T | H | R | V | T | D | W | I | D | G | Y | E | G |
| M | Y | R | Y | K | C | U | I | O | X | N | A | D | Q | K |
| G | A | H | M | D | F | B | S | G | J | R | U | N | W | Y |
| S | N | S | B | X | Y | M | E | M | A | C | G | L | G | V |
| E | J | I | Z | H | R | A | L | K | L | D | Y | K | I | H |
| N | M | L | T | A | V | P | B | T | X | F | H | M | A | D |
| L | S | F | U | N | M | N | U | G | E | C | W | K | J | E |
| J | V | X | O | Q | U | Q | O | M | O | V | X | H | P | L |
| Q | A | K | B | Z | N | G | D | K | A | C | P | E | V | I |

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_


- B. Kompletuhin ang talahanayan sa ibaba. Piliin sa kahon ang letra na angkop sa hakbang sa paggawa ng *face shield* ayon sa wastong pagkakasunod-sunod. Piliin din ang letra ng angkop na larawan sa bawat hakbang at paraan ng paggawa.

| Bilang ng Hakbang | Paraan ng Paggawa | Larawan |
|-------------------|-------------------|---------|
| Hakbang blg. 1    |                   |         |
| Hakbang blg. 2    |                   |         |
| Hakbang blg. 3    |                   |         |
| Hakbang blg. 4    |                   |         |
| Hakbang blg. 5    |                   |         |
| Hakbang blg. 6    |                   |         |
| Hakbang blg. 7    |                   |         |
| Hakbang blg. 8    |                   |         |
| Hakbang blg. 9    |                   |         |

Paraan ng Paggawa:

- a. Sunod, gupitin ang *foam* o espongha nang isang pulgadang lapad, o batay sa lapad ng teyp.
- b. Ipasok ang garter sa bawat butas, at tahiin ito nang maayos.
- c. Una, maglagay ng butas sa dalawang sulok ng *acetate*:  $\frac{3}{4}$  pulgada mula sa itaas, at  $\frac{3}{8}$  pulgada mula sa gilid.
- d. Panghuli, dapat isuot ang *plastic shield* kasama ang face mask. Maari ding magsuot ng sombrero para mas epektibong pananggalang.
- e. Kung bata ang gagamit, gawin ang Hakbang 1 na pahalang.
- f. Ilagay ang *double-sided tape* sa itaas ng *acetate*.
- g. Matapos mahulma, linisin ang harap at likod ng *acetate* gamit ang *alcohol*.
- h. Ilagay ang dalawang piraso ng *foam* o espongha sa idinikit na *double-sided tape*.
- i. Kung tapos na sa pagtatahi, ihulmang pakurba ang mga ibabang sulok ng *acetate*.

Mga larawan:



### Gawain 3 Iba pang Halimbawa, Saliksikin na!

Magsagawa ng pananaliksik hinggil sa iba pang halimbawa ng dokumentasyon sa paggawa ng isang bagay o produkto na ginagamit sa isang espesipikong trabaho.


Pumili ng dalawa sa mga sumusunod na trabaho:

|                                |                       |                              |
|--------------------------------|-----------------------|------------------------------|
| 1. automotive servicing        | 6. catering           | 11. hilot (wellness massage) |
| 2. barbering                   | 7. commercial cooking | 12. massage therapy          |
| 3. bartending                  | 8. driving            | 13. tailoring                |
| 4. beauty care services        | 9. food and beverages | 14. technical drafting       |
| 5. bread and pastry production | 10. food processing   | 15. visual graphics design   |

Makikita ang kompletong listahan ng mga trabaho sa <http://www.deped.gov.ph/k-to12/curriculum-guides/TechnicalVocational-Track>

Batay sa nahanap na dalawang halimbawa ng dokumentasyon sa paggawa ng isang bagay o produkto sa trabahong napili, sagutin ang mga sumusunod na tanong.

1. Paghambingin ang nasaliksik na dalawang halimbawa ng dokumentasyon sa paggawa ng isang bagay o produkto. Gamitin ang grapikong pantulong para sa iyong sagot.



2. Isa-isahin ang mga katangiang taglay ng mga nasaliksik na dokumentasyon sa paggawa ng isang bagay o produkto. May nakita ka bang kahinaan ng mga nasaliksik mong dokumentasyon? Ano-ano ang mga ito? Ano ang dapat gawin upang maisaayos ang mga kahinaang ito? Isulat ang iyong sagot sa grapikong pantulong.

**Mga Katangian**

**Mga Kahinaan**

Mga dapat gawin upang maisaayos ang mga kahinaang ito dapat gawin upang maisaayos ang mga kahinaang ito

**Dokumentasyong Aking Nasaliksik**

---


Rubrik (3 ang pinakamataas at 1 ang pinakamababa)

| Pamantayan  | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|
| Nakapipili ng trabaho ayon sa kagustuhan  |   |   |   |
| Nakapagsasaliksik ng dokumentasyon na ginagamit sa napiling trabaho                 |   |   |   |
| Napaghahambing ang nasaliksik na dokumentasyon sa paggawa ng isang bagay o produkto |   |   |   |
| Kabuoan   |   |   |   |



## Isaisip

Buoin ang *puzzle* sa pamamagitan ng pagtukoy sa salitang bubuo sa ideya ng mga pangungusap.




### Pahalang:

2. Dapat nakaayos ang mga hakbang sa paraang \_\_\_\_\_ ng gagawing dokumentasyon upang makapaghatid ng wastong impormasyon sa mga mambabasa.
3. Dapat ang antas ng wikang gagamitin kapag susulat ng isang dokumentasyon ay \_\_\_\_\_.
4. Nakalagay dapat sa isusulat na dokumentasyon ang \_\_\_\_\_ na materyales o kasangkapan.

### Pababa:

1. Upang hindi magkamali sa paggawa ng isang bagay o produkto, napakahalaga ng \_\_\_\_\_ sa mga hakbang sa dokumentasyon.
5. Ang manwal ng paggawa ng “do-it-yourself” na may *acronym* na \_\_\_\_\_ ay isang halimbawa ng dokumentasyon sa paggawa ng isang bagay o produkto.
6. Makatutulong ang paglalakip ng \_\_\_\_\_ upang higit na makita ang biswal na anyo ng produktong gagawin.





## Isagawa

Pumili ng isang kinahihiligan mong gawin ngayon. Gumawa ng isang bagay o produkto na may kinalaman sa iyong kinahihiligan.

Gumawa ng dokumentasyon kung paano mo nabuo ang bagay o produktong napili. Isaalang-alang ang mga dapat tandaan sa pagsusulat ng dokumentasyon ng paggawa ng isang bagay o produkto na iyong pinag-aralan.

Matapos mabuo ang dokumentasyon, ibahagi ang nabuong *output* sa pamamagitan ng isang *vlog*. Ipaliwanag sa paraang sistematiko at malinaw kung paano mo nabuo ang dokumentasyon.

Ipapasa ang nabuong dokumentasyon at ang bidyo ng ginawang *vlog* sa iyong guro. Kung walang gagamiting *gadget* sa paggawa ng *vlog* at mahina ang *internet connection*, isulat na lang sa *short bond paper* ang pagpapaliwanag sa nabuong dokumentasyon. Mamarkahan ang iyong *output* gamit ang sumusunod na rubrik:

| <b>Panukatan</b>                | <b>Nilalaman</b>   | <b>Puntos</b> | <b>Iskor</b> |
|---------------------------------|--|---------------|--------------|
| <b>Nilalaman</b>                | <ul style="list-style-type: none"><li>• Nakalagay ang espesipikong gamit na kinakailangan</li><li>• Napanatili ang kronolohiya ng mga hakbang sa paggawa</li><li>• Detalyado ang pagkakalahad ng bawat hakbang</li></ul> | 40            |              |
| <b>Gamit ng Wika</b>            | <ul style="list-style-type: none"><li>• Angkop ang gamit ng wika sa pagsusulat ng dokumentasyon</li><li>• Payak, malinaw, at tiyak ang pagkakasulat ng mga hakbang</li></ul>   | 20            |              |
| <b>Pagkamalikhain</b>           | <ul style="list-style-type: none"><li>• Gumamit ng mga ilustrasyon o larawan</li></ul>   | 10            |              |
| <b>Paraan ng Pagpapaliwanag</b> | <ul style="list-style-type: none"><li>• Naipaliwanag nang sistematiko at malinaw sa pamamagitan ng <i>vlog</i> ang binuong dokumentasyon</li></ul>   | 30            |              |
|                                 | Kabuoan  | 100           |              |



## Tayahin

**Basahin ang mga tanong at piliin ang letra ng tamang sagot.**


- \_\_\_\_\_ 1. Alin sa mga pahayag ang HINDI halimbawa ng dokumentasyon sa paggawa ng isang bagay o produkto?
- A. Isang Espesyal na Durian
  - B. Paggawa ng Herbal na Sabon
  - C. Pagtatanim ng Organikong Talong
  - D. Pag-install ng *Sim Card* at Baterya ng *Cellphone*
- \_\_\_\_\_ 2. Anong antas ng wika ang ginagamit sa pagsulat ng dokumentasyon sa paggawa ng isang bagay o produkto?
- A. Balbal
  - B. Pormal
  - C. Kolokyal
  - D. Impormal
- \_\_\_\_\_ 3. Alin sa mga pahayag ang nakapagdaragdag ng kalinawan sa ipinapakitang hakbang ng paggawa ng isang bagay o produkto?
- A. ilustrasyon
  - B. halaga ng gagastusin
  - C. paggamit ng *flow chart*
  - D. detalyadong paglalarawan
- \_\_\_\_\_ 4. Paano ang tamang pagkakasulat ng mga hakbang sa paggawa ng isang bagay?
- A. maikli at tuwiran
  - B. payak, malinaw at tiyak
  - C. wasto, komprehensibo at lohikal
  - D. matalinghaga at makatotohanan
- \_\_\_\_\_ 5. Alin sa mga pahayag ang HINDI tumutukoy sa katangiang dapat taglayin ng isang dokumentasyon?
- A. may larawang pantulong
  - B. may ipinapakitang proseso o hakbang
  - C. nakalagay ang eksaktong kagamitan o kailangan
  - D. inilalagay ang detalyadong paglalarawan sa bagay o produkto
- \_\_\_\_\_ 6. Bakit kalimitang payak at direkta ang pagkakabuo ng mga pangungusap sa paggawa ng dokumentasyon?
- A. mapapadali ang pagtukoy sa sanhi at epekto ng iminumungkahing produkto
  - B. para mapadali ang paghahanap ng kinakailangang impormasyon
  - C. mas madaling mailarawan ang isang bagay o produkto
  - D. upang hindi magdulot ng kalituhan sa mga babasa
- \_\_\_\_\_ 7. Paano inilalahad ang bawat hakbang sa isang dokumentasyon sa paggawa ng isang bagay o produkto?
- A. Detalyado ang pagkakalahad ng paraan ng paggawa.

- B. Isaayos ang paraan mula sa pinakamadali hanggang sa pinakamahirap.
- C. Kailangang gumamit ng matatalinhagang salita sa pagbibigay ng hakbang.
- D. Unahin ang pinakamahalagang hakbang, ihuli ang hindi gaanong mahalaga.
- \_\_\_\_\_ 8. Bakit kinakailangang magkaroon ng akses ang mga tao sa mga materyales na nagtuturo kung paano magawa ang isang bagay?
- A. upang higit na masuri ang isang produkto
- B. nakatutulong ito sa pagkilatis sa isang bagay
- C. mapapadali ang pagkatuto sa paggawa ng isang bagay
- D. masisiguro ang pagtangkilik ng mga mamimili sa produkto
- \_\_\_\_\_ 9. Alin sa mga pahayag ang nagpapakita ng kahinaan sa dokumentasyong paggawa ng herbal na: mineral water, dahon ng sabila, dahon ng kangkong, kakang gata, langis ng niyog?
- A. masyadong maraming kasangkapan ang magagamit
- B. hindi isinama ang paglalarawan sa mga gamit
- C. hindi nakalagay ang espesipikong kagamitan
- D. mahirap hanapin ang mga bagay na ito

**Para sa bilang 10-15, sagutin ang tanong tungkol sa Paggawa ng No Cloth Mask**

**Walang Kasanayan sa Pagtatahi, Walang Problema!  
Paggawa ng No Sew Cloth Mask**


**MGA MATERYALES**  
MAAARING GUMAMIT NG MGA MATERYALES NA NAHAHANAP SA BAHAY.




PANYO

2 MALALAKI AT MALALAMBOT NA ELASTIK BAND


MGA PAGHAHANDA AT PAG-IINGAT




Labhan ang panyo o tela sa maaligamgam na tubig at ligtas na sabon-pantaba. Patuyuin at plantsahin.



Gamit ang basahan na may alkohol, linisin ang mesa na inyong paggagawan ng face mask.



Kung mahaba ang iyong buhok, itali ito nang pa-ponytail.






Gawing kaugalian ang tamang hand hygiene, at huwag hawakan ang iyong mukha.

Paggawa: **(Hindi ito ang tamang pagkakasunod-sunod ng hakbang)**

- Tiklupin ulit.
- Isuot ang *mask* nang maayos. Ang *fold-line* ay dapat nasa baba, para hindi mahulog ang *filter*.
- Ilagay ang mga elastik band papasok sa bawat gilid ng panyo.
- Tiklupin ang isang gilid, at isingit ito sa isang *layer* ng panyo.
- Tiklupin ang isang gilid ng panyo.
- Lagyan ng *disposable filter*.
- Tiklupin ang panyo.
- Maaaring kopyahin ang laki ng karaniwang *face mask*, o ayusin ayon sa sukat ng mukha.

- \_\_\_\_\_ 10. Anong katangian ng isang dokumentasyon sa paggawa ng isang bagay o produkto ang nasunod sa paglalahad ng mga paghahanda at pag-iingat?
- may larawang pantulong
  - madali lang sundin ang mga ito
  - inilalagay ang detalyadong paglalarawan
  - iniisa-isa ayon sa lohikal na pagkakasunod-suno

Pagpipilian sa blg. 11-12



- \_\_\_\_\_ 11. Alin ang angkop na larawan ang kaugnay sa hakbang letrang D?
- \_\_\_\_\_ 12. Alin ang angkop na larawan ang kaugnay sa hakbang letrang F?
- \_\_\_\_\_ 13. Alin sa mga sumusunod ang unang hakbang sa paggawa ng *No Sew Face Mask*?
- Hakbang sa titik a
  - Hakbang sa titik c
  - Hakbang sa titik g
  - Hakbang sa titik h
- \_\_\_\_\_ 14. Alin ang huling hakbang sa paggawa ng *No Sew Face Mask*?
- Hakbang sa letrang b
  - Hakbang sa letrang d
  - Hakbang sa letrang e
  - Hakbang sa letrang f
- \_\_\_\_\_ 15. Ano ang tamang kronolohikal pagkakasunod-sunod ng mga hakbang sa paggawa ng *No Sew Face Mask*?
- b-g-a-e-f-c-d-h
  - e-a-b-h-g-c-d-f
  - g-a-c-h-e-d-f-b
  - h-g-a-c-b-f-d-e



## **Karagdagang Gawain**

**Dugtungan ang pahayag o diyalogo na nasa loob ng *speech balloon* batay sa natutuhan mo sa aralin.**

Matapos makabuo ng isang dokumentasyon sa paggawa ng isang bagay o produkto, nakaramdam ako ng \_\_\_\_\_.

Naalala ko sa araling natalakay ang \_\_\_\_\_.



Lubos ko nang naiintindihan ang aralin dahil \_\_\_\_\_.



## Susi sa Pagwawasto

|  |   |
|--|---|
| <b>Subukin</b><br>1. D<br>2. A<br>3. B<br>4. D<br>5. A<br>6. D<br>7. A<br>8. C<br>9. B<br>10. D<br>11. B<br>12. C<br>13. A<br>14. A<br>15. A | <b>Tuklasin</b><br>1. J<br>2. I<br>3. H<br>4. E<br>5. D<br>6. C<br>7. F<br>8. A<br>9. K<br>10. B<br>11. G |
| <b>Balikan</b><br>1. C<br>2. A<br>3. D<br>4. B<br>5. C   |   |

|   |   |
|---|---|
| <b>Pagymanin</b><br>Gawain 2<br>A.<br>(Kahit hindi sunod-<br>sunod ang<br>pagkakasulat ng sagot)<br>esponha<br>garter<br>double sided tape<br>gunting<br>pambutas<br>sinulid<br>karayom | <b>Pagymanin</b><br>Gawain 2<br>B.<br>Pamamaraan<br>1. C<br>2. E<br>3. A<br>4. F<br>5. H<br>6. B<br>7. I<br>8. G<br>9. D<br>1. E<br>2. A<br>3. H<br>4. C<br>5. D<br>6. F<br>7. G<br>8. I<br>9. B<br>Larawan |
|---|---|

|   |  |
|---|--|
| <p><b>Isaisip:</b></p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. pagsunod</li> <li>2. kronolohikal</li> <li>3. pormal</li> <li>4. espesipiko</li> <li>5. DIY</li> <li>6. larawan</li> </ol> | <p><b>Tayahin</b></p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. A</li> <li>2. B</li> <li>3. A</li> <li>4. B</li> <li>5. D</li> <li>6. D</li> <li>7. A</li> <li>8. C</li> <li>9. C</li> <li>10. A</li> <li>11. B</li> <li>12. C</li> <li>13. C</li> <li>14. A</li> <li>15. C</li> </ol> |
|---|--|

## ***Sanggunian***

Santos, Corazon L, PhD, Jocson, Schedar D. MA & Perez, April J. MA. 2016.  
**Filipino sa Piling Larang-Tech Voc.** Bureau of Curriculum Development.  
Department of Education

Face Masks Tutorials. Accessed July 14, 2020 <https://web.facebook.com/UPCTID/>

Paano Gumawa ng Sabon. Accessed July 16, 2020.  
<https://web.facebook.com/elevenstemtwo1920/posts/105728310975588>



**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)